COMMUNION: Optimam partem elegit sibi Maria, quae non auferetur ab ea in aeternum.

**KOMUNYON:** Pinili ni Maria ang pinakamabuting bahagi, na hindi aalisin sa kanya magpakailanman.

POST COMMUNION: Mensae caelestis participes effecti, imploramus clementiam tuam, Domine Deus noster: ut qui Assumptionem Dei Genitricis colimus, a cunctis malis imminentibus ejus intercessione liberemur. Per eumdem Dominum...

**PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON:** Manalangin tayo: Yamang kami ay nakabahagi sa Iyong maka-langit na hapag, mapagpakumbaba naming idinadalangin ang Iyong awa, O aming Diyos at Panginoon, upang kaming nagbibigay-galang sa Pag-akyat ng Ina ng Diyos ay, sa pamamagitan ng kanyang pamamagitan, maligtas mula sa lahat ng kasamaan. Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon…



MISSA GAUDEAMUS

# PARA SA KAPISTAHAN NG PAGKAKATULOG NG INA NG DIYOS

Kilala rin bilang

**Kapistahan ng Pag-akyat sa Langit (Asuncion)**

*Inilimbag ng Old Roman Apostolate*
*Mga salin mula sa Old Catholic Missal & Ritual*
*Inaprubahan ni +Arnoldus H. Mathew, Arsobispo, 1909*

www.selsey.org

INTROIT: Gaudeamus omnes in Domino, diem festum celebrantes sub honore Mariae Virginis: de cujus Assumptione gaudent Angeli, et collaudant Filium Dei. Ps. Eructavit cor meum verbum bonum: dico ego opera mea regi. Gloria Patri...

**PANIMULANG AWIT**: Magalak ang lahat sa Panginoon, ipinagdiriwang ang araw ng kapistahan sa karangalan ng Mahal na Birheng Maria: sa kanyang pag-akyat sa langit ay nagagalak ang mga anghel at pinupuri ang Anak ng Diyos.
Awit: Isinambit ng aking puso ang isang mabuting salita; isinasaysay ko ang aking gawa sa Hari. Luwalhati sa Ama…

ORATIO: Famulorum tuorum, quaesumus Domine, delictis ignosce: ut qui tibi placere de actibus nostris non valemus; Genetricis Filii tui

**PANALANGIN** (KOLEKTA): Manalangin tayo: Patawarin Mo, Panginoon, isinasamo namin sa Iyo, ang mga kasalanan ng Iyong bayan:

Domini nostri intercessione salvemur: Qui tecum vivit et regnat...

upang kami, na walang magagawa sa aming sarili na makalulugod sa Iyo, ay matulungan sa landas ng kaligtasan sa pamamagitan ng panalangin ng Ina ng Iyong Anak. Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon…

LECTIO libri Sapientiae Ecclus xxiv. In omnibus requiem quaesivi, et in haereditate Domini morabor. Tunc praecepit, et dixit mihi Creator omnium: et qui creavit me, requievit in tabernaculo meo, et dixit mihi: In Jacob in habita, et in Israel haereditare, et in electis meis mitte radices. Et sic in Sion firmata sum, et in civitate sanctificata similiter requievi, et in Jerusalem potestas mea. Et radicavi in populo honorificato, et in parte Dei mei haereditas illius, et in plenitudine sanctorum detentio mea. Quasi cedrus exaltata sum in Libano: et quasi cypressus in monte Sion. Quasi palma exaltata sum in Cades, et quasi plantatio rosae in Jericho. Quasi oliva speciosa in campis, et quasi platanus exaltata sum juxta aquam in plateis. Sicut cinnamomum et balsamum aromitizans odorem dedi: quasi myrrha electa dedi suavitatem odoris.

**UNANG PAGBASA** (ARALIN) *Ecclesiastico 24*: Hinanap ko ang kapahingahan, at ako'y mananatili sa pamana ng Panginoon. At iniutos sa akin ng Lumikha ng lahat ng bagay, at Siya na lumikha sa akin ay nagpahinga sa aking tolda, at sinabi sa akin: Tumahan ka sa Jacob, at manahin mo ang Israel, at mag-ugat ka sa Aking mga hinirang. Kaya ako'y itinatag sa Sion, at sa banal na lungsod ako'y nagpahinga rin, at ang aking kapangyarihan ay nasa Jerusalem. Nag-ugat ako sa bayan na marangal, at sa bahagi ng aking Diyos ang Kanyang mana, at ang aking tahanan ay nasa gitna ng mga banal. Ako'y itinaas gaya ng sedro sa Lebanon, at gaya ng sipres sa bundok ng Sion. Itinaas ako gaya ng punong palma sa Kades, at gaya ng halamang rosas sa Jerico; gaya ng magandang olibo sa kapatagan, at gaya ng punong plátano sa tabi ng tubig sa mga lansangan. Nagbigay ako ng bango gaya ng kanela at balsamo; naglabas ako ng halimuyak na gaya ng pinakamainam na mira.

GRADUALE: Propter veritatem, et mansuetudinem, et justitiam: et deducet te mirabiliter dextera tua. V. Audi filia, et vide, et inclina aurem tuam: quia concupivit rex speciem tuam.

**SALMISTA:** *Awit 44:* Dahil sa katotohanan, kaamuan, at katarungan, ang iyong kanang kamay ay gagabay sa iyo sa kahanga-hangang paraan. V. Dinggin mo, anak na babae, at tumingin, at ikiling mo ang iyong tainga: sapagkat ninasa ng Hari ang iyong kagandahan.

ALLELUIA: Alleluia. V. Assumpta est Maria in coelum: gaudet exercitus Angelorum. Alleluia.

**ALELUYA**: Aleluya. V. Inakyat na si Maria sa langit; ang hukbo ng mga anghel ay nagagalak. Aleluya.

EVANGELIUM: +Sequentia sancti Evangelii secundum Lucam: In illo tempore: Intravit Jesus in quoddam castellum: et mulier quaedam Martha nomine, excepit illum in domum suam: et huic erat soror nomine Mariae, quae etiam sedens secus pedes Domini, audiebat verbum illius. Martha autem satagebat circa frequens ministerium: quae stetit, et ait: Domine, non est tibi curae quod soror mea reliquit me soam ministrare? Dic ergo illi ut me adjuvet. Et respondens, dixit illi Dominus: Martha, Martha, sollicita es et turbaris erga plurima. Porro unum est necessarium. Maria optimam partem elegit quae non auferetur ab ea.

**EBANGHELYO:** Lucas 10:38-42 Noong panahong iyon, pumasok si Hesus sa isang nayon; at ang isang babaeng nagngangalang Marta ay tinanggap Siya sa kanyang bahay. At siya'y may kapatid na tinatawag na Maria, na naupong kasama ng Panginoon upang makinig sa Kanyang salita. Ngunit si Marta ay abalang-abala sa maraming paglilingkod. Tumayo siya at nagsabi: Panginoon, wala Ka bang pakialam na iniwan ako ng aking kapatid na maglingkod mag-isa? Sabihin Mo sa kanya na ako'y tulungan. Sumagot ang Panginoon at sinabi sa kanya: Marta, Marta, nababahala ka at nababagabag sa maraming bagay. Ngunit isang bagay lamang ang kailangan. Pinili ni Maria ang pinakamabuting bahagi, na hindi aalisin sa kanya.

OFFERTORIUM: Assumpta est Maria in coelum: gaudent Angeli, collaudantes benedicunt Dominum, Alleluia.

**ALAY (OFFERTORIO)** Inakyat na si Maria sa langit; ang mga anghel ay nagagalak at pumupuri sa Panginoon. Aleluya.

SECRETA: Subveniat Domine plebi tuae Dei Genitricis oratio: quam etsi pro conditione carnis migrasse cognoscimus, in caelesti gloria apud te pro nobis intercedere sentiamus. Per eumdem Dominum nostrum...

SECRETA: Nawa'y tulungan ng panalangin ng Ina ng Diyos, O Panginoon, ang Iyong sambayanan; na bagaman alam naming siya'y pumanaw ayon sa kalikasan ng katawang-tao, madama nawa naming siya'y namamagitan para sa amin sa Iyong kaluwalhatian sa langit. Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon…